UK Health
Security
Agency

NHS

# Paano protektahan ang iyong sanggol mula sa RSV

## Isang gabay sa bakuna laban sa Respiratory Syncytial Virus (RSV) para sa mga buntis



**Ang mga buntis na kababaihan ay maaaring mabakunahan nang libre sa bawat pagbubuntis, upang protektahan ang kanilang mga sanggol laban sa Respiratory Syncytial Virus (RSV).**

## Bakit natin kailangang protektahan ang mga sanggol mula sa RSV?

Ang respiratory syncytial virus o RSV ay isang karaniwang virus na maaaring magdulot ng impeksyon sa baga na tinatawag na bronchiolitis. Sa maliliit na sanggol, ang kondisyong ito ay maaaring magdulot ng kahirapang huminga at dumede. Ang karamihan ng mga kaso ay maaaring pamahalaan sa bahay ngunit humigit-kumulang sa 20,000 sanggol ang pinapasok sa ospital dahil sa bronchiolitis bawat taon sa England. Ang mga sanggol na may malubhang bronchiolitis ay maaaring mangailangan ng matinding pangangalaga at maaaring nakamamatay ang impeksyon. Ang RSV ay mas malamang na maging malubha sa mga sobrang batang sanggol, iyong mga pinanganak nang maaga sa takdang panahon, at iyong may mga kondisyon na nakakaapekto sa kanilang puso, paghinga, o immune system. Maaaring magkasakit ng RSV kahit kailan sa buong taon ngunit dumadami ang kaso kada taglamig.

## Paano kumakalat ang RSV?

Ang RSV ay lubhang nakakahawa at kumakalat nang mabilis, lalo na sa mga bata, sa pamamagitan ng pag-ubo at pagbahing. Kahit na sa mga simpleng pag-iingat tulad ng paghuhugas ng kamay at pagtatakip ng iyong bibig at ilong kapag bumabahing ka, mahirap iwasan ang maikalat ang sakit sa loob ng pamilya. Ang pinakamahusay na paraan para maprotektahan ang iyong sanggol laban sa sakit na RSV ay ang pagpapabakuna mo sa panahon ng pagbubuntis.

## Gaano kaepektibo ang bakuna laban sa RSV?

Pinapalakas ng bakuna ang iyong immune system upang gumawa ng mas maraming antibodies laban sa virus. Ang mga antibodies na ito ay dumadaan pagkatapos sa placenta upang tulungan na protektahan ang iyong sanggol mula sa araw na sila ay ipanganak. Ang pagbabakuna laban sa RSV ay nagbabawas ng panganib ng malubhang bronchiolitis nang 70% sa unang anim na buwan ng kanilang buhay. Pagkatapos ng edad na ito, ang iyong sanggol ay nasa mas mababang panganib ng matinding RSV. Ang mas matatandang bata at nasa hustong gulang ay maaari ding magkasakit ng RSV, ngunit ang sakit ay mas malala para sa maliliit na sanggol at mga taong 75 taong gulang pataas.

## Kailan ako dapat magpabakuna?

Dapat kang alukin nito sa bandang ika-28 linggo mo ng antenatal appointment. Kung hindi ka pa nakakarinig sa kanila sa yugtong ito, makipag-ugnayan sa iyong maternity service o GP practice para magpa-appointment. Ang pagpapabakuna sa ika-28 linggo o sa loob ng ilang linggo mula ng panahong ito, ay makakatulong sa iyo na makabuo ng mabuting antas ng antibodies para ipasa sa iyong sanggol bago siya maipanganak. Makapagbibigay ito sa iyong sanggol ng pinakamahusay na proteksyon, kabilang ang kung sila ay ipinanganak nang maaga.

Maaari ka pa ring magpabakuna sa kalaunan ng iyong pagbubuntis ngunit maaari itong hindi kasing-epektibo. Kung hindi posible na magpabakuna ka nang mas maaga, maaari itong ibigay hanggang sa sandaling manganganak ka na. Kung magpabakuna ka nang bandang huli na sa iyong pagbubuntis, maaari pa rin itong makapagbigay ng proteksyon sa iyo mula sa pagkakasakit at mabawasan ang panganib na mahawahan mo ang iyong bagong silang na sanggol.

## Magkakaroon ba ako ng anumang mga side effect?

Maaari kang makaranas ng kaunting pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahagi kung saan ka tinurukan ng bakuna. Maaari ka ring magkaroon ng pananakit ng ulo o mga kalamnan nang 1 o 2 araw.

Sa mga mas nakatatanda, napakadalang na naiulat ang isang kondisyon sa nervous system na humahantong sa panghihina na tinatawag na Guillain-Barré syndrome pagkatapos ng pagbabakuna. Ang parehong kondisyon ay nagaganap din pagkatapos ng ilang karaniwang impeksyon at ilang iba pang bakuna. Ang kondisyon ay lalong hindi kasing-karaniwan sa mga mas bata-bata, at sa ngayon, walang patunay na nakapagpapataas ang bakuna laban sa RSV ng panganib na magkaroon ng Guillain-Barré syndrome sa mga buntis.

### Ligtas ba para sa aking sanggol ang magpabakuna laban sa RSV sa panahon ng pagbubuntis?

Ang bakuna ay inaral sa mga klinikal na pagsubok sa halos 4,000 babae at ibinigay sa libo-libong babae sa mga programang pambansa. Ang pagsusubaybay sa USA, kung saan naibigay ito sa higit 300,000 babae, ay nagpapakita na ito ay ligtas. Sa pangunahing klinikal na pagsubok, sa buwan pagkatapos ng pagbabakuna, mayroong medyo mas maraming premature na sanggol sa grupo na binakunahan (2.1%) kaysa sa grupo na hindi binakunahan (1.9%). Ang pagkakaiba ay malamang na nagkataon lang. Ang bakuna ay inaprubahan ng mga nagkokontrol ng mga gamot sa UK, Europa, at USA dahil sa proteksyon, kalidad at kaligtasan.

### Nangangahulugan ba na hindi makakakuha ng RSV ang aking sanggol kapag nagpabakuna?

Ang bakuna ay ipinakitang nakakabawas ng tsansa na magdusa ang iyong sanggol mula sa malubhang sakit na RSV. Gaya ng lahat ng gamot, walang bakuna ang ganap na epektibo at ang ilang sanggol ay maaari pa ring magkasakit ng RSV kahit na nabakunahan ang kanilang ina. Gayunpaman, para sa karamihan ng mga sanggol na isinilang ng mga nabakunahang ina, ang anumang pagkakasakit ng RSV ay dapat hindi na kasing-lubha.

Maaari mong basahin ang polyeto ng impormasyon para sa pasyente para sa bakunang laban sa RSV na tinatawag na Abrysvo rito: **www.medicines.org.uk/emc/product/15309/pil**

### Paano kung nasa mas mataas na panganib ang aking sanggol?

Ang ilang sanggol na nasa mas mataas na panganib ng RSV, tulad ng mga sobrang premature, iyong may malubhang sakit sa puso o iyong may mahinang immune system ay maaari ding alukin ng iniksyon ng antibodies. Ang iniksyong ito ay magbibigay ng karagdagang proteksyon bukod pa sa anumang antibodies na maaari nilang makuha mula sa kanilang ina.

### Kailangan ko bang magpabakuna laban sa RSV sa bawat pagbubuntis?

Oo, dapat kang magpabakuna nito sa bawat pagbubuntis upang maibigay sa iyong bagong sanggol ang pinakamainam na proteksyon.

### Maaari ba akong magpabakuna ng iba pang bakunang pambuntis kasabay ng aking bakuna laban sa RSV?

Mahalaga na magpabakuna ka sa tamang oras sa panahon ng pagbubuntis:

- ang bakuna laban sa ubong-dalahit ay karaniwang ibinibigay nang mas maaga sa panahon ng pagbubuntis (sa pag-scan sa bandang kalagitnaan ng pagbubuntis, kadalasan sa ika-20 linggo)
- dapat kang magpabakuna laban sa RSV pagsapit ng ika-28 linggo ng iyong pagbubuntis
- ang bakuna laban sa trangkaso ay maaaring ibigay sa anumang yugto ng pagbubuntis. Dapat kang magpabakuna nito sa sandaling maging available ito sa iyo

Kapag tinawag ka para sa iyong bakuna laban sa RSV, kung hindi ka pa nababakunahan laban sa ubong-dalahit o trangkaso, dapat mong ipasabay na ito.

### Saan ako makakakuha ng higit na impormasyon?

Maaari mong kausapin ang iyong midwife o GP practice at maaari mong basahin ang polyetong ito online dito:

**www.gov.uk/government/publications/respiratory-syncytial-virus-rsv-maternal-vaccination**

**www.nhs.uk/pregnancy/keeping-**

Makikita ang higit na impormasyon tungkol sa mga bakuna na iaalok sa iyo sa panahon ng pagbubuntis sa:

**www.gov.uk/government/publications/pregnancy-how-to-help-protect-you-and-your-baby**

## Maaari bang may RSV bronchiolitis ang sanggol ko?

Ang mga sintomas ng RSV bronchiolitis ay maaaring kabilangan ng:

- tumutulong sipon o baradong ilong
- nahihirapang huminga, mabilis o maingay ang paghinga (may humuhuni)
- nahihirapang dumede
- ubo
- lagnat
- balisa o mahirap patahanin
- pagod

Maaari ding magdulot ang RSV ng iba pang kondisyon sa mga bata tulad ng tumatahol na ubo (croup) at masakit na impeksyon sa loob ng tainga (otitis media).

## Humiling ng agarang appointment sa GP o tumawag sa 111 kung:

- may ubo ang iyong anak at lumalala ito
- dumedede o kumakain nang mas kaunti kaysa sa normal ang iyong anak
- tuyo ang diaper ng iyong anak nang 12 oras o higit pa, o nagpapakita ng ibang senyales ng dehydration.
- Wala pang 3 buwan ang iyong sanggol at may temperatura na 38°C, o mas matanda siya sa 3 buwan at may temperatura na 39°C pataas

## Tumawag sa 999 o pumunta sa A&E kung:

Tila malubha ang kondisyon ng iyong anak, magtiwala sa iyong sariling paghuhusga. Dapat kang kumilos kung:

- nahihirapang huminga ang iyong anak - maaari mong mapansin ang paggaralgal sa kanilang dibdib o lumiliit ang tiyan sa pagitan ng o sa ilalim lang ng ribs
- may mga panandaliang paghinto kapag humihinga ang iyong anak
- asul ang balat, dila, o labi ng iyong anak
- lantang-gulay at hindi magising-gising o hindi manatiling gising ang iyong anak

Maaari mong iulat ang mga pinaghihinalaang side effect sa Yellow Card website o sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng linya ng telepono 0800 731 6789 (9am hanggang 5pm Lunes hanggang Biyernes) o sa pamamagitan ng pagdownload ng Yellow Card app.

**www.mhra.gov.uk/yellowcard**



© Crown copyright 2025. Version 3. UK Health Security Agency Gateway Number 2024-937.
Product code: V2C24RSV03TAG Tagalog 2p 100K FEB 2025 (APS).
To order more copies of this asset, please visit: **www.healthpublications.gov.uk** or call **0300 123 1002**. This leaflet is available as a BSL video, and audio file, in Braille, large print and translated into 30 community languages.